

Sulat ng Pagsamong hinihiling na baguhin ang Japan Nationality Law

Tuluyang dumadami ang mga batang isinilang ng mga dayuhang ina at amang Hapon. Marami sa mga bata na kahit kinilala o mayroon '*Ninchi*' ng amang Hapon ay hindi nabibigyan ng Japanese nationality dahil hindi kasal ang mga magulang sanhi ng iba't ibang kadahilanan.

Ang pagkakaloob ng Japanese nationality ay isa sa mga matinkad na issue na kinakaharap ng mga bata na naka-depende kung ang mga magulang ay kasal o hindi. Halimbawa, ang mga batang isinilang ng dayuhang ina at amang Hapon na hindi kasal, kapag nai-'*Taiji Ninchi*' (pagrehistro ng amang Hapon bago isilang ang bata) ay makakakuha ng Japanese nationality. Subalit ang mga nabigyan ng '*Ninchi*' o kinilala ng amang Hapon pagkatapos isilang ay hindi maaaring makakuha ng Japanese nationality.

Sa kabilang banda, ang mga di-lehitimong anak ng mga Haponesa ay nabibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon sanhi ng kanilang relasyon bilang mag-ina sang-ayon sa Artikulo 2, Section 1 ng Japan Nationality Law. Subalit ang mga di-lehitimong anak ng mga amang Hapon sa dayuhang ina ay hindi makakakuha ng Japanese nationality kahit ito ay kinikilala ng kanyang amang Hapon pagkatapos isilang ang bata dahil hindi raw ito naaayon sa Artikulo 2, Section 1 ng Japan Nationality Law at maging sa Artikulo 3 ng Japan Nationality Law. Subalit kung kasal ang mga magulang, sa pamamagitan ng '*Ninchi*' na ibinigay ng amang Hapon pagkatapos isilang ang bata, ay maaring batayna para mabigyan ang bata ng Japanese nationality (sa pamamagitan ng pagpapatala Batas Sibil Artikulong 789).

Sa ngayon ay hindi na mapigilan ang pagdami ng bilang ng international marriage dahil sa globalisasyon at nagiiba na rin ang pagtingin at relasyon bilang pamilya. Kasabay nito ang pagdami ng mga bi-cultural na mag-asawang hindi kasal na nagkakaroon ng anak. Lalo na't hindi maaaring baguhin ng mga bata ang kaisipan ng magulang 'kung magpakasal o hindi' ang magkahiwalay na magulang para makuha ang minimithing Japanese Nationality.]

Noong ika-12 ng Abril, 2005, siyam na Japanese-Filipino Children kasama ang kanilang mga ina ay naghain ng apila sa Pandistritong Hukuman ng Tokyo para baguhin ang paraan ng pagpapatunay ng nasyonalidad bilang Hapon. Mithiin ng mga batang ito na maituring ang kanilang mga karapatan katulad ng mga batang Japanese.

Bagay ng Pagsamo

- Hinihiling na baguhin ang Japan Nationality Law upang makakuna nang pantay ang lahat na batang kinilala o binigyan ng '*Ninchi*' ng amang Hapon.

Pangalan	Tirahan

[Umaapela] Lawyer's Association for Confirmation of Japanese Nationality

Lawyer's Association for Japanese-Filipino Children

Citizen's Network for Japanese-Filipino Children (JFC Network)

KAFIN (Kalipunan ng mga Filipinong nagkakaisa)

[Papadalhan]

JFC Network: Tokyo, Chiyoda -ku Kudan-Minami 4-8-34 HK Bldg. 303, 102-0074

Unang Deadline: ika-31 ng Desiyembre, 2005